# Philippine Biblical Worldview Institute

## Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised May 23, 2022

### ST308. SOTERIOLOGY: 8. Justification 3 of 3

**Justification - Ang Pagwawalang-sala**

Ang justification o pagwawalang-sala ay ang doctrina na pagbaba ng verdict na "not guilty." Mayroong pagsusuri, paglilitis pagkatapos ay ang justification ang verdict na *not guilty*. Ang kabaliktaran nito ay ang verdict na *guilty* which is condemnation.

The study of justification ay ang pag-aaral ng tatlong Bible passages na pinakamagaling na gagawin na pag-aaral ng doctrine of justification na Biblical.

**C) James 2:14-26**

Alam niyo na ang controversy. Nagkaroon ng dalawang grupo, itong mga hinahangaan nating mga evangelicals sa reformed camp. Ang isang grupo wanted to work with the Catholic church in advancing the gospel of the Lord Jesus Christ. Ang isang grupo naman, which was led by RC Sproul, John MacArthur and others ay hindi sumang-ayon. Ayon sa kanila, how can we partner with the catholic church na nagtuturo ng ibang gospel? What do I mean? Ang kanilang doctrine of justification is we are justified by faith plus works. Nakakalungkot na makita ang dalawang factions ng Biblical scholars na nag-split because of that. But of course, alam natin na ina-allow ng Lord na mangyari ang mga ganyang bagay.

Sa 2:14-17, sinabi ni James ang ganito, *What good is it, my brothers, if someone says he has faith but does not have works? Can that faith save him?* Sa question na ito ni James, ito na ang dapat nating malaman na he is not talking about the doctrine of justification at this point. But what he is referring to is the faith that justifies. Kaya niya tinanong, *Can that faith save him?* Iyon ang sinasabi, you are justified by faith pero kung ang faith mo ay walang nakikitang good works, can that faith save him? Masasabi natin na itong teaching ni James is about the doctrine of the quality of faith. Ito ay hindi doctrine of justification. The faith that saves – anong klase ito? Kaya ito ang discourse ni James dito, *If a brother or sister is poorly clothed and lacking in daily food, and one of you says to them, "Go in peace, be warmed and filled," without giving then the things needed for the body, what good is that?* Halimbawa, ngayon may pangangailangan ang ating kapatiran, ipag-pray natin. That's all we do, to pray. But we don't do anything else to address ang pangangailangan niya. Mahirap talaga ang magpaka-Cristiano. Walang nagsasabi na madali iyan. Simula sa Panginoong Jesus, sinabi na Niya iyan na in the world you will have tribulation but be of good cheer, I have overcome the world. Mahirap iyan but we must accept that lalo na when we are asked or called to help na mayroong sacrificial giving. Kailangan handa tayong gawin iyon. Because the faith that justified us, iyong faith in Jesus ay active iyon. Kaya sabi ni James, *So also faith by itself, if it does not have works, is dead.* Questionable ang nagsasabing his faith is in Christ pero hindi nagpro-produce ng works. Hindi iyon ang faith na sinasabi ni Paul kaya hindi nagdi-disagree dito si James. He is not talking about the doctrine of justification but he is talking about the quality of faith that justifies. Hindi pwede na walang good works. Kaya ang faith na ibinigay sa atin ng Lord ay malaki ang capacidad to do good works. At iyon ang gustong gawin ng faith na iyon.

Sa pagpapatuloy ni James, sinabi niya sa 2:18-22, *But someone will say, "You have faith and I have works."* I-interpret na nila it na ang works ay independent na sa faith but that is not what he's talking about. He's talking about faith, and faith that produces works. *Show me your faith apart from your works, and I will show you my faith by my works.* Maliwanag! Ang faith niya ay nagpro-produce ng works. I will show you my faith by my works. Ang salita ng tao ay mamera. Ano ba talaga ang nagpro-prove sa kung ano ang pinaniniwalaan ng tao? Sa pamumuhay niya. Kapag ang tao ay nagsasabi na natitwala siya kay Cristo pero hindi mo makita na pinamumuhay ang buhay ni Cristo na mababasa natin sa gospel, ito ay questionable. *You believe that God is one; you do well. Even the demons believe – and they shudder!* Sabi niya even the demons believe they shudder. Kapag sinasabi mo na may faith ka without works, you are no better than a demon. Because they also believe and shudder. Iyon ang binibigyan diin ni James dito. *Do you want to be shown, you foolish person, that faith apart from works is uselsess?* Ang faith na nagse-saves ay may works. Hindi iyan parang faith in itself ay may choice pa, gagawa ba ako ng mabuti o hindi? I have faith in Christ, I believe in Christ, pero is it my choice to do good or not to do good? Mali iyon dahil hindi iyan faith in Jesus Christ. Iyan ang sinasabi dito ni James. *Was not Abraham our father justified by works when he offered his son Isaac on the altar? You see that faith was active along with his works, and faith was completed by his works;* Kaya mauunawain natin kung bakit tayo ay righteous, it's because of our faith in God's word. Kaya sinasabi dito ni James na your work proves your faith. Kaya ang pag-sacrifice ni Abraham kay Isaac ay proof na mayroon siyang faith in God. Ang sabi pa ng scripture, alam ni Abraham na kayang bumuhay ng Diyos ng patay. Kaya mapatay man si Isaac, bubuhayin din siya ng Lord.

Sa pagpapatuloy, sabi niya sa 2:23-26 and the Scripture was fulfilled that says, *Abraham believed God, and it was counted to him as righteousness – and he was called a friend of God. You see that a person is justified by works and not by faith alone. And in the same way was not also Rahab the prostitute justified by works when she received the messengers and sent them out by another way? For as the body apart from the spirit is dead, so also faith apart from works is dead.*

So ang kinu-question niya ay yaong klase ng faith. Sa madaling sabi, ang faith ay may kasamang works. Faith in Jesus Christ will produce good works. Kaya ang good works ang nagpapatunay doon sa faith. Kaya ang justification ay faith plus iyong bunga niya pero magkahiwalay iyon. Ang bunga at iyong pamamaraan. So ang means of justification is by faith, niliwanag iyan ni Paul. Niliwanag naman ni James na ang fruit of that saving faith is good works. Hindi mo puwedeng paghiwalayin. Ang ipinangaral ni Paul ay the doctrine of justification by faith. Ang niliwanag ni James ay doctrine of the quality of saving faith na tinuro ni Paul na ito ay nagbubunga ng good works; na kapag wala iyong bunga, hindi iyan ang faith na tinuro ni Paul. Ito ay patay at hindi nakapagliligtas.

So iyan ang maliwanag sa atin but i cannot over emphasize iyong kahalagahan ng sound doctrine at isa ito sa pinakamahalagang doctrina na kailangan nating matutuhan. We need to be able to defend our faith because majority of our people ay hindi naniniwala sa justification by faith alone. So kapag nakikipag discourse tayo, hindi tayo nakikipagtalo pero alam natin kung paano magpaliwanag at alam natin kung saan huhugot ng scripture. Kapag hindi scripture ang ginamit natin, forget it, paglalaruan lang tayo ng kaaway.

## I. *Multiple Choice*

1. Sinabi ni James na kung ang tao ay may pananampalataya ngunit walang gawa, ang pananampalataya bang ito ay makapagliligtas sa kanya?
   a. Ang talatang ito ay may kinalaman sa doctrina ng pagwawalang-sala o justification.
   b. Ang talatang ito ay naisulat upang maging mapag-wari ang mga mambabasa.
   c. Ang talatang ito ay walang kinalaman sa doctrina ng pagwawalang-sala o justification.

2. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang tunay na pananampalataya ay nakikitaan ng mabuting gawa na kinakailangan sa kaligtasan
   b. Ang tunay na pananampalataya ay nagpro-produce ng good works.
   c. Ang tunay na pananampalataya ay may kinalaman sa quality of faith that justifies.

3. Ang tunay na pananampalataya ay kung may pangangailangan ang ating kapatiran ngayon
   a. ipag-pray lang natin.
   b. ito ay ating tinutugunan sa abot ng ating makakaya na may kasamang sakripisyo.
   c. ilalapit natin siya sa ibang tao para hindi tayo maabala.

4. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang tao ay napapawalang-sala dahil sa kanyang pananampalataya kay Cristo Jesus.
   b. Ang pananampalataya ng tao ay nakikita sa kanyang gawa.
   c. Napapawalang sala ang tao dahil nakikita ang kanyang mabuting gawa.

5. Alin sa mga pangungusap ang pinakatama patungkol sa tinuturo sa James 2:14-26?
   a. Ito ay nagpapakita ng magkasalungat na turo nila Paul at James patungkol sa faith at good works.
   b. Ito ay patungkol sa kaligtasan ng isang believer dahil sa kanyang quality of faith.
   c. Ito ay nagtuturo na ang isang taong may tunay na pananampalataya ay siguradong magbubunga ng mabubuting gawa.

© Revised May 23, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.